REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

TANGGAPAN NG PUNONGBAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 90-135

KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY NG TAOS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI NG LAHAT NG MGA KASAPI NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA SA MGA NAULILA NG YUMAONG DATING KONSEHAL, DANIEL BUNYI.

+ + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + + +

SAPAGKAT, bilang dating Konsehal ng Bayan ng Muntinlupa ay naipagkaloob niya ang isang wagas, tapat at dalisay na pamamalakad at panunungkulan sa Pamahalaang Bayan upang maisaayos at maitaas ang antas ng pamumuhay ng bawat mamamayan;

SAPAGKAT, ang pagpanaw ng dating Konsehal, Daniel Bunyi ay malaking kawalan hindi lamang sa kanyang pamilya at mga kaibigan kundi na rin sa buong bayan ng Muntinlupa;

SAPAGKAT, ang kanyang matapat at masigasig na paglilingkod,ay karapat-dapat lang na bigyan ng pagpapahalaga;

NGAYON DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ay gumawa ng isang Kapasiyahan na nagbibigay ng taos-pusong pakikiramay at pakikidalamhati sa mga naulila ng dating Konsehal, Daniel Bunyi at bilang panghuling paggalang ay pinagkaisahan ng buong kapulungan na mag-alay ng bulaklak at sumama sa mga naulila sa paghahatid sa huling hantungan.

PINAGPASIYAHAN pang muli, na basahin ang Kapasiyahang ito ng isang kagawad ng Sangguniang Bayan at pati na rin ang pagbibigay ng sipi nitong Kapasiyahan sa mga naulila.

PINAGTIBAY ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan ngayong ika-12 ng Pebrero, 1990 sa kanilang regular na pulong sa Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa.

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan/Pangulong Opisyal

Mggl. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punongbayan/Pang.Pangulong Opisyal

| | | |
|---|---|---|
| KGG. CARLO G. TENSUAN<br>Konsehal | KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ<br>Konsehal | KGG. EPIFANIO A. ESPELETA<br>Konsehal |
| KGG. REY E. BULAY<br>Konsehal | KGG. LUCIO B. CONSTANTINO<br>Konsehal | KGG. ROMAN E. NIEFES<br>Konsehal |
| KGG. NEMESIO O. MOZO<br>Konsehal | KGG. RUFINO B. JOAQUIN<br>Konsehal | KGG. ROGER C. SMITH<br>Konsehal |

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN:

RAUL R. CORRO
Kalihim Pambayan